

Mga Hamon sa Pagtuturo ng Batayang Literasi sa mga Mag-aaral na Sama

DELIA M. FOROSUELO
Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.
delmoralesjune@gmail.com

Abstrak — Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin at suriin ang mga hamon na kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama, isang grupong katutubo sa Pilipinas na may natatanging wika, kultura, at paniniwala. Sa konteksto ng patuloy na pagsusulong ng edukasyong inklusibo at multikultural, naging mahalaga ang pag-unawa sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral na kabilang sa mga komunidad na nasa laylayan ng lipunan. Layunin ng pananaliksik na ito na maitala ang mga lived experiences ng mga gurong nagtuturo sa mga batang Sama, partikular na sa larangan ng pagbasa, pagsulat, at pag-unawa, mga pangunahing kasanayan sa batayang literasi. Isinagawa ang pananaliksik gamit ang kwalitatibong disenyo, partikular ang phenomenological na lapit upang mailahad ang malalim na karanasan, pakikibaka, at diskurso ng mga kalahok. Ang datos ay nakalap sa pamamagitan ng semi-istrakturang panayam sa piling mga guro mula sa mga pampublikong paaralan sa mga komunidad ng Sama. Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa gamit ang thematic analysis upang matukoy ang mga umuusbong na tema kaugnay ng mga hamon sa kakulangan ng kagamitan, hadlang sa wika, kaakibat na panlipunang isyu, at limitadong pagsasanay sa pagtuturo para sa mga katutubo.

Keywords — *Batayang literasi, mag-aaral na Sama, Edukasyong multikultural, pedagohiyang interkultural, guro sa laylayan*

I. Introduksyon

Ang literasi ay hindi lamang simpleng kasanayan sa pagbasa at pagsulat kundi isang batayang kakayahan na nagbibigay-kapangyarihan sa mga indibidwal upang makibahagi sa lipunan at makamit ang ganap na pag-unlad sa iba't ibang aspeto ng buhay. Ayon sa United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO, 2022), ang literasi ay isang pangunahing karapatang pantao at pundasyon ng lahat ng pagkatuto. Mahalaga ito hindi lamang sa pormal na edukasyon kundi maging sa pagpapalago ng kabuhayang panlipunan, pampulitika, at pangkultura ng isang tao.

Gayunpaman, sa kabila ng mga inisyatibo ng pamahalaan at ng mga institusyong pang-edukasyon upang maisulong ang dekalidad at inklusibong edukasyon, nananatili pa rin ang maraming hamon sa pagtuturo ng batayang literasi, lalo na sa mga mag-aaral mula sa mga katutubong pamayanan. Isa sa mga grupong ito ay ang mga Sama, isang etnolinggwistikong komunidad na matatagpuan sa mga baybayin ng Mindanao at sa mga isla ng Sulu, Basilan, at

Tawi-Tawi, kabilang ang Island Garden City of Samal (IGaCoS). Kilala rin sila bilang Sama-Bajau, bagama't may mga pagkakaibang sub-tribal sa loob ng grupo. Taglay ng mga Sama ang natatanging wika, pamumuhay, at pananaw sa mundo na kadalasang malayo sa dominanteng kultura ng mga mababang lupaing Pilipino (Nolasco, 2008; Salazar, 2000).

Sa konteksto ng edukasyon, ang mga mag-aaral na Sama ay humaharap sa iba't ibang hamon sa pagkatuto ng batayang literasi. Isa sa mga pangunahing suliranin ay ang linguistic mismatch—ang hindi pagtutugma ng wika sa tahanan at wika sa paaralan na nagdudulot ng kalituhan at pagkaantala sa pagkatuto (Malone & Paraide, 2011). Ayon kay Benson (2014), ang kakulangan ng mga materyales sa wikang kinagisnan ng mga batang katutubo ay isang malaking balakid sa kanilang pagkatuto. Dagdag pa rito, ang limitadong kaalaman ng ilang guro sa kultura at wika ng mga Sama ay nagreresulta sa hindi angkop na mga pamamaraan ng pagtuturo (Nolasco, 2008). May mga dokumentadong karanasan din ng diskriminasyon at marginalisasyon sa loob ng sistemang pang-edukasyon (DepEd, 2019), na lalong nagpapababa sa motibasyon ng mga mag-aaral na Sama.

Partikular sa Island Garden City of Samal, marami sa mga mag-aaral na Sama ay naninirahan sa mga liblib na lugar na may limitadong akses sa dekalidad na edukasyon, pasilidad, at kagamitang panturo. Kadalasan, pumapasok sila sa paaralan na may kakulangan sa kasanayang linguistiko sa Filipino o Ingles, kaya't nahihirapan silang maunawaan ang mga araling hindi nakaangkla sa kanilang sariling karanasan at konteksto (Anderson & Lightfoot, 2021). Bukod dito, ang matinding kahirapan sa kabuhayan ay nakaaapekto sa partisipasyon sa pag-aaral, pagdami ng drop-out, at kakulangan ng oportunidad para sa *remedial learning*.

Sa ganitong kalagayan, napakahalaga ng papel ng mga guro sa pagbibigay ng sensitibo at akmang pedagogical approaches upang matugunan ang pangangailangan ng mga batang Sama. Subalit, marami pa rin sa mga guro ang walang sapat na pagsasanay at gabay upang epektibong makapagturo sa kontekstong kultural ng mga mag-aaral. Kaya naman, mahalagang tukuyin at suriin ang mga hamon at karanasang kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama.

Sa liwanag ng mga nabanggit, layunin ng pananaliksik na ito na masusing alamin ang mga pangunahing balakid sa pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama sa Island Garden City of Samal. Ang pananaliksik ay naglalayong ilahad ang mga karanasan ng mga guro, mga estratehiyang kanilang ginagamit, at mga oportunidad para sa mas epektibo at inklusibong pagtuturo. Inaasahan na ang mga resulta ng pag-aaral ay makatutulong sa mga guro, administrador ng paaralan, at mga tagagawa ng polisiya sa pagbabalangkas ng mga programang pang-edukasyon na angkop, makatarungan, at tumutugon sa partikular na pangangailangan ng mga katutubong mag-aaral.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

Ang mga tanong sa pananaliksik na ito ay nakatuon sa pag-unawa sa mga karanasang buhay ng mga guro upang makuha ang kanilang tunay na karanasan, pananaw, at emosyon kaugnay ng kanilang pagtuturo sa mga mag-aaral na Sama. Sa pamamagitan ng mga tanong na ito, layunin ng pag-aaral na mailahad ang mga salik na nakaapekto sa kanilang gawain at paninindigan bilang mga tagapagturo ng batayang literasi:

1. Ano-anong mga hamon ang nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama?
2. Ano ang mga estratehiya at pamamaraan na ginagamit ng mga guro upang matugunan ang mga hamon sa pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama?
3. Ano-ano ang damdamin at pananaw ng mga guro tungkol sa kanilang papel sa pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama?

Mga Kaugnay na Mahahalagang Literatura

Kakulangan ng Kagamitang Pampagtuturo

Ang kakulangan ng lokal, kontekstuwalisado, at angkop na kagamitang pampagtuturo ay nananatiling pangunahing hamon sa pagtuturo ng batayang literasi sa mga katutubong mag-aaral. Ayon kina Ismun, Tulawie, at Asiri (2023), maraming guro sa rehiyon ng Sulu ang nahihirapang magturo ng Filipino dahil sa kawalan ng akmang kagamitan na isinasaalang-alang ang wika at kultura ng mga mag-aaral. Sa pananaliksik naman ni Tubaga (2022), binigyang-diin ang kakulangan sa printed at digital learning materials, lalo na sa panahon ng pandemya, na lalong nagpahina sa kakayahan ng mga guro na matugunan ang pangangailangan sa literasi ng kanilang mga mag-aaral. Samantala, binigyang-pansin din nina Codilla et al. (2023) na kahit may ilang inisyatibo ang pamahalaan, kulang pa rin ang mga kontekstuwal na aklat at modyul para sa mga katutubong komunidad.

Wika at Kultura ng mga Mag-aaral

Ang hindi pagkakatatugma ng wika at kultura ng mga mag-aaral sa opisyal na wikang panturo ay isang hadlang sa literasi. Sa pananaliksik nina Sari at Yuci (2020), lumitaw na ang kakulangan sa kaalaman ng mga guro sa edukasyong multikultural ay humahadlang sa pagbibigay ng sensitibong pagtuturo. Ayon kay Gay (2016), na sinipi rin nina Sari at Yuci, may mga gurong bagama't naniniwala sa kahalagahan ng multikulturalismo ay nag-aatubiling isakonteksto ito sa aktwal na pagtuturo. Pinatotohanan naman nina Müller-Hartmann at Schocker (2018) na ang kakulangan ng kakayahang interkultural ay hadlang sa paglikha ng ligtas na kapaligirang panturo. Samantala, binigyang-diin ni Keskin (2018) ang kahalagahan ng interkultural na kakayahan upang maisulong ang edukasyong inklusibo at batay sa konteksto ng mga mag-aaral.

Antas ng Kahandaan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto

Mababa ang antas ng kahandaan ng mga katutubong mag-aaral sa batayang literasi, lalo na sa aspektong wika. Sa ulat ng mga guro mula sa Indigenous Peoples Education (IPEd) Program, lumilitaw ang kakulangan ng exposure sa mga akademikong wika gaya ng Filipino at Ingles. Ayon kina Obligar at Caraballe (2022), marami sa mga katutubong mag-aaral ang nahihirapan sa pagbasa, lalo na sa wikang Ingles, dahil sa kakulangan sa bokabularyo at mababang kumpiyansa sa sarili. Sa ganitong kalagayan, hindi agad maabot ng mga mag-aaral ang mga inaasahang kasanayan sa pagbasa at pagsulat.

Hamon sa Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Proseso ng Pagkatuto

Kahit gumagamit ang mga guro ng mga makabago at adaptibong estratehiya gaya ng differentiated instruction, maraming hamon pa rin ang kinahaharap. Sa pananaliksik nina Ypon et al. (2020), bagaman kapaki-pakinabang ang pagkakaiba-ibang estratehiya sa pagtuturo, ito ay hindi ganap na naipatutupad dahil sa limitasyon ng oras, kakulangan ng materyales, at malaking bilang ng mag-aaral. Resulta nito ang kahirapan ng mga katutubong mag-aaral na makisabay sa leksiyon. Binanggit din ni Dulce (2021) na ang kakulangan ng teknolohikal na kagamitan at kakulangan sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral ay lalong nagpapalala sa problema.

Kakulangan ng Pagsasanay sa Edukasyong Pangkatutubo

Ayon kina Bastida, Saysi, at Batuctoc (2022), maraming guro sa mga katutubong komunidad ang kulang sa pagsasanay upang matugunan ang natatanging pangangailangan ng mga mag-aaral. Pinagtibay ito ni Keskin (2018) sa kanyang pagsusuri sa multikultural na edukasyon, kung saan iminungkahi ang pagpapalawak ng mga pagsasanay para sa mga guro upang mapaunlad ang interkultural na kasanayan. Samantala, iminungkahi rin ni Noval (2024) ang regular na upskilling at reskilling ng mga guro sa larangan ng pagtuturo sa mga indigenous learners.

II. Pamamaraan

Disenyo ng Pananaliksik

Ang disenyo ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral na ito ay kwalitatibo, na may penomenolohikal na lapit. Nakatuon ito sa paglalarawan ng mga makabuluhang karanasan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa iba't ibang disiplina, lalo na sa mga kursong teknikal. Gaya ng binanggit ni Creswell (2017), ang kwalitatibong pananaliksik ay hindi direktang nakabatay sa teorya kundi sa aktwal na karanasan ng mga kalahok, kung saan inilahad nila ang kanilang mga pananaw sa kanilang sariling kamalayan. Sa pamamagitan ng paraang ito, masusing inilahad ang estruktura ng kanilang karanasan at ipinaliwanag ang mga penomenang personal nilang nararanasan sa konteksto ng tawid-disiplinang pagtuturo.

Bilang isang penomenolohikal na pananaliksik, layunin nitong masaliksik kung paano naiintindihan at nararanasan ng mga kalahok ang kanilang reyalidad, partikular sa pagtuturo ng Filipino sa kursong teknikal, isang larang na hindi nila espesyalisasyon (Hancock, Windridge, at Ockleford, 2009). Itinuring na makabuluhan ang penomenolohiya bilang disenyo sapagkat isinentro nito ang pagkilatis sa kamalayang bumabalot sa kanilang tagumpay, hamon, at mga adhikain bilang mga guro.

Dagdag pa rito, ginamit sa pag-aaral na ito ang mga kwalitatibong datos mula sa pinalalim na panayam, dokumentasyon, at limitadong pagmamasid upang higit na maunawaan ang kontekstuwal na karanasan ng mga kalahok. Batay sa pananaw ni Merriam (2009), mahalaga ang paggamit ng ganitong disenyo upang maipakita ang mahalagang salaysay ng mga kalahok sa kanilang sariling mundo, at upang mailarawan hindi lamang ang mga praktikal na aspeto ng pagtuturo kundi pati na rin ang emosyonal at propesyunal na implikasyon ng kanilang gawain.

Bilang pangkalahatang layunin ng disenyo, pinili ang malalim na pagsusuri ng isang maliit na grupo ng mga kalahok upang mabigyang-diin ang espesipikong kaalaman, emosyon, at pananaw. Sa huli, naging deskriptibo o palarawan ang resulta ng pananaliksik kaysa prediktibo, ayon sa Qualitative Research Consultant Association (2015). Ito ay nakatulong upang maipinta ang mas malinaw na larawan ng tawid-disiplinang pagtuturo, batay sa mayamang karanasan ng mga guro..

Mga Kalahok

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok ng walong (8) gurong nagtuturo ng Filipino sa mga kursong teknikal mula sa piling pampublikong sekundaryang paaralan sa Region XI. Ang mga kalahok ay sadyang pinili batay sa kanilang makabuluhang karanasan sa tawid-disiplinang pagtuturo, partikular sa kontekstong ang asignaturang Filipino ay isinasanib sa mga teknikal na kurso gaya ng Agri-Fishery, Industrial Arts, at ICT.

Upang matiyak ang kaugnayan ng kanilang mga karanasan sa layunin ng pananaliksik, ginamit ang purposive sampling bilang pamamaraan ng pagpili. Ang paraang ito ay nakabatay sa pamantayang itinakda ng mananaliksik upang mapili lamang ang mga indibidwal na may sapat na kakayahan at karanasan sa paksang sinasaliksik. Ayon kay Patton (2015), ang purposive sampling ay isang uri ng non-probability sampling kung saan ang pagpili ng kalahok ay nakabatay sa matalinong paghuhusga ng mananaliksik hinggil sa pagiging angkop at pagiging representatibo ng mga kalahok para sa layunin ng pananaliksik.

Kaugnay nito, isinasaalang-alang ang mungkahi ni Polkinghorne (1989) na ang mas maliit na bilang ng kalahok, mula lima (5) hanggang dalawampu (20), ay higit na nakatutulong sa pagpapanatili ng malapit at bukas na ugnayan sa pagitan ng mananaliksik at mga kalahok. Sa pamamagitan nito, naging posible ang masinsinang pakikipanayam na nagbunga ng malalalim na pananaw at damdamin ukol sa kanilang karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa kontekstong teknikal.

Dagdag pa rito, ang mga kalahok ay kasalukuyang nagtuturo ng Filipino sa mga kursong teknikal sa junior o senior high school. Bukod dito, sila rin ay may hindi bababa sa limang (5) taong karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Higit pa rito, may tuwiran silang karanasan sa pagsasalin o pag-angkop ng mga teknikal na terminolohiya sa wikang Filipino, at bukas silang ibahagi ang kanilang saloobin at karanasan sa pamamagitan ng pinalalim na panayam.

Sa kabuuan, ang maingat na pagpili sa mga kalahok ay nakatulong upang makakalap ng mas mayaman, mas malalim, at mas kapaki-pakinabang na datos na siyang naging saligan ng mga analisis at interpretasyon sa pananaliksik na ito.

Pagkalap ng Datos

Bilang bahagi ng etikal na proseso, sinimulan ko ang pananaliksik sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot mula sa mga kinauukulan tulad ng Dekana ng Paaralang Gradwado ng Riza Memorial Colleges at Tagapamanihalang Pansangay ng Island Garden City of Samal. Matapos makuha ang kanilang pormal na pag-apruba, agad kong isinagawa ang koordinasyon sa mga punong-guro ng mga paaralang sangkot sa pag-aaral upang maayos na maisaayos ang iskedyul ng panayam. Kasunod nito, pinili ko ang mga kalahok batay sa itinakdang pamantayan: sila ay mga gurong nagtuturo ng Filipino 5, may karanasan ng limang taon o higit pa, at may mag-aaral na Sama.

Sa pagpapatuloy, personal kong ipinabatid sa mga kalahok ang layunin ng pananaliksik sa pamamagitan ng pormal na liham at isinagawa ang oryentasyon kaugnay ng iskedyul at lugar ng panayam. Sunod kong isinagawa ang aktuwal na panayam gamit ang gabay na katanungan at naitala ang usapan upang maisalin ito sa anyong verbatim. Sa kabuuan, isinagawa ko ang bawat hakbang alinsunod sa mga etikal na pamantayan upang matiyak ang pagiging patas, mapagkakatiwalaan, at may paggalang sa dignidad ng bawat kalahok.

Pag-aanalisa ng Datos

Ang mga datos na nakalap ay isinailalim sa Thematic Analysis ni Braun at Clarke (2006). Sinundan ang mga sumusunod na hakbang: (1) pagbasa at pagrerebyu ng mga transkrip, (2) pagbubuo ng inisyal na mga kodigo, (3) pagbuo ng mga tema, (4) pagrerepaso ng mga tema, (5) pagbibigay-kahulugan sa mga tema, at (6) pagbubuo ng ulat. Layunin ng prosesong ito na mailahad ang mga saloobin at karanasang tumatampok sa realidad ng mga gurong kalahok sa pananaliksik.

Etikal na Pagsasaalang-alang

Sa pagsasagawa ng pananaliksik, siniguro kong nasunod ang mga pamantayang pang-etika bilang gabay sa lahat ng yugto ng pag-aaral. Tiniyak kong ang mga kalahok ay kusang-loob na sumali sa pag-aaral matapos mabigyan ng malinaw na impormasyon tungkol sa layunin nito (informed consent). Pinrotektahan ko ang kanilang pagkakakilanlan at mga impormasyong ibinahagi upang mapanatili ang pagiging kompidensyal. Inisaalang-alang ko rin ang kaligtasan,

kapakanan, at mga posibleng panganib na maaaring maranasan ng mga kalahok. Bukod dito, sinigurado kong walang salungatan ng interes at isinasagawa ang pananaliksik nang may katarungan, katapatan, at respeto sa dignidad ng bawat isa (Bhandari, 2024). Ang mga nakalap na datos ay ginamit lamang para sa layunin ng pag-aaral upang mapanatili ang integridad ng pananaliksik.

III. Pagtalakay sa Mga Kinalabasan

Mga Hamong Nararanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Batayang Literasi sa mga Mag-aaral na Sama

Ang pagtuturo ng batayang literasi kasama na ang mga pangunahing kasanayan sa pagbasa at pagsulat ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon na siyang pundasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Subalit, sa konteksto ng mga mag-aaral na kabilang sa mga katutubong komunidad tulad ng mga Sama sa Sangay ng Island Garden City of Samal, maraming natatanging hamon ang kinahaharap ng mga guro. Ang mga hamong ito ay nagmumula sa iba't ibang aspekto tulad ng wika, kultura, antas ng kahandaan ng mga mag-aaral, at kakulangan sa mga angkop na kagamitang pampagtuturo. Sa bahaging ito, tatalakayin ang mga pangunahing hamong nararanasan ng mga guro batay sa mga lumabas na tema mula sa kanilang mga salaysay.

Kakulangan ng Angkop na Kagamitang Pampagtuturo

Isa sa mga pangunahing hamon na kinaharap ng mga guro ay ang kakulangan ng mga materyales na angkop sa wika at antas ng mga mag-aaral. Ayon sa mga guro, madalas silang gumagamit ng mga babasahing Filipino o Ingles na hindi akma sa unang wika ng mga mag-aaral, kaya't napipilitan silang mag-code switch sa pagitan ng Sama, Filipino, at Ingles. Ang ganitong gawain ay nagdudulot ng kalituhan sa mga mag-aaral at pagkawala ng pokus sa mga aralin. Bukod pa rito, kulang din ang suporta mula sa mga magulang na marami sa kanila ay hindi marunong bumasa, kaya limitado ang reinforcement ng literasi sa bahay. Isang guro ang naglahad: "*Ang pinaka maituturing kong hamon sa pagtuturo ko ng pagbasa at pagsulat sa aking mga mag-aaral na Sama ay ang kakulangan sa instructional materials na akma sa kanilang wika. Ang kakulangan sa materyales na akma sa antas at wika nila ang malaking hadlang upang mabisa kong maitaguyod ang pagtuturo. Dagdag pa nito ang kawalan ng sapat na suporta mula sa bahay, lalo na kung hindi rin marunong bumasa ang mga magulang.*" (K1)

Pinagtibay ng mga datos na ito ang mga naunang pag-aaral nina Ball at McCormick (2013) na nagsasabing ang kakulangan ng mga materyales sa unang wika ay isang malaking hadlang sa epektibong pagtuturo ng literasi sa mga katutubong komunidad. Gayundin, binigyang-diin nina Malone (2007) at Benson (2005) ang kahalagahan ng mga unang wika sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagkatuto ng mga konseptong pang-akademiko. Ayon kay Cummins (2001), ang pag-unlad ng literacy ay higit na napapalakas kapag ginagamit ang unang wika ng mga mag-aaral dahil mas nauugnay nila rito ang mga bagong kaalaman sa kanilang karanasan. Sa kontekstong Filipino, sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Tupas at Lorente (2014) at Gonzalez (2003), na nag-uugnay

sa kakulangan ng lokal na materyales sa pagbagal ng pagkatuto ng mga grupong etnolingguwistiko.

Wika at Kultura ng mga Mag-aaral

Isa pang mahahalagang hamon ay ang di-pagkakatugma ng wika at kultura ng mga mag-aaral sa ginagamit sa pagtuturo. Kinailangan ng mga guro na isalin ang mga aralin sa wikang Sama upang maging mas naiintindihan ng mga mag-aaral, dahil ang paggamit ng wikang Filipino o Ingles ay nagdudulot ng kahirapan sa pag-unawa at mababang tiwala sa sarili ng mga mag-aaral na mahiyain at hindi madalas nakikilahok. Ayon sa isang guro: *“Sa aking pagtuturo, kailangan ko pang isalin ang buong aralin sa Sama upang maunawaan nila. Mas madali nilang nauunawaan ang mga salitang ginagamit sa pang-araw-araw nilang wika. Napansin ko rin na kapag mababa ang literasi, nagkakaroon sila ng mababang tiwala sa sarili na sumagot o makilahok sa mga gawain. Karamihan sa kanila ay mahiyain.”* (K5)

Nakasaad sa literatura na ang paggamit ng unang wika ay nakatutulong hindi lamang sa pagkatuto kundi pati na rin sa pagtaas ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral (Ball & McCormick, 2013; Cummins, 2001). Sa Pilipinas, pinatunayan ito nina Dekker (2010) at Nery at Gonzales (2021), na ang pagtuturo gamit ang wikang kinagisnan ay nagbabawas ng pagkabalisa at nagpapalakas ng aktibong partisipasyon. Gayunpaman, nahihirapan rin ang mga guro dahil sa kakulangan ng pagsasanay sa pagtuturo ng mga teknikal na salitang Filipino (Tucker, 2011). Ipinapakita nito na may pangangailangan sa pagpapalawak ng kasanayan at suporta sa mga guro upang mas mapahusay ang pagtuturo.

Antas ng Kahandaan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto

Isa pang malaking hamon ang hindi pagkakapantay-pantay sa antas ng kahandaan ng mga mag-aaral. May ilan na may kasanayan na sa pagbasa, subalit karamihan ay nagsisimula pa lamang matutong bumasa kahit nasa mas mataas na baitang na sila. Dahil dito, napipilitan ang mga guro na magpatupad ng mga estratehiyang differentiated instruction upang matugunan ang iba’t ibang pangangailangan.

Isa sa mga guro ang nagsabi: *“Sa pagtuturo, napapansin kong hindi sabay-sabay ang kahandaan nila; may ilan na marunong na, pero karamihan ay hindi pa. Marami sa kanila ay nagsisimula pa lamang matutong bumasa kahit nasa Grade 5 na. Bilang guro, kailangan kong isa-isahin ang pagtuturo. Gumagamit ako ng mga differentiated instruction strategies upang matugunan ko ang kanilang mga pangangailangan.”* (K4)

Ang ganitong kalagayan ay sumasalamin sa teorya ni Vygotsky (1978) na nakatuon sa Zone of Proximal Development (ZPD), kung saan mas epektibong natututo ang mga mag-aaral kapag may gabay na nakatutugon sa kanilang kasalukuyang kakayahan. Pinapakita rin nito ang kahalagahan ng flexible grouping at varied instructional materials, tulad ng itinataguyod nina Tomlinson at Imbeau (2010), upang mas mapersonalisa ang pagtuturo.

Mga Estratehiya at Pamamaraan na Ginagamit ng mga Guro upang Matugunan ang mga Hamon sa Pagtuturo ng Batayang Literasi sa mga Mag-aaral na Sama

Sa pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama sa Island Garden City of Samal, kinakaharap ng mga guro ang iba't ibang hamon na nangangailangan ng angkop na tugon upang maging epektibo ang proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Sa pagsusuri ng mga sagot ng mga kalahok ukol sa ikalawang tanong ng pananaliksik, lumitaw ang tatlong pangunahing estratehiya at pamamaraan: paggamit ng lokal na diyalekto at mga katutubong materyales sa pagtuturo; pagpapalakas ng kasanayan ng mga guro sa edukasyong pangkatutubo; at kontekstuwalisadong pagtuturo.

Paggamit ng Lokal na Diyalekto at mga Katutubong Materyales sa Pagtuturo

Mula sa mga kwento ng mga guro, napagtanto ang kahalagahan ng paggamit ng lokal na diyalekto at katutubong materyales bilang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng batayang literasi. Ayon sa mga guro, ang pagsisimula ng aralin gamit ang wikang Sama ay nakatutulong upang mas madali nilang maunawaan ang mga konsepto. Halimbawa, gumagamit sila ng mga salaysay na hango sa kultura ng Sama at hinihikayat ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang mga karanasan sa komunidad. Sa ganitong paraan, hindi lamang natututuhan ng mga mag-aaral ang wikang Filipino at Ingles, kundi naipapasa rin ang pagpapahalaga sa kanilang sariling kultura.

Isa pa sa mga mabisang pamamaraan ay ang pagsasalin ng mga aralin mula sa Filipino tungo sa wikang Sama bilang "bridging" upang mas madaling maipaliwanag ang mahihirap na konsepto. Bukod dito, ang paggamit ng mga visual aids na naglalaman ng mga larawan mula sa kanilang kapaligiran tulad ng dagat, lambat, o bangka ay nakatutulong upang mapalapit ang mga aralin sa karanasan ng mga mag-aaral. Minsan ay iniimbitahan din ang mga magulang o nakatatanda upang magbahagi ng mga kwentong-bayan, na naglalayong patibayin hindi lamang ang kasanayan sa literasi kundi pati na rin ang pagpapahalaga sa kultura ng mga Sama.

Sa kabuuan, napag-alaman na ang paggamit ng lokal na wika at mga kultural na elemento ay mahalaga upang maging mas epektibo ang pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama. Ang ganitong paraan ay nagpapadali sa paglipat mula sa mother tongue papunta sa target na wika habang pinapalalim ang pagkilala at pagmamahal ng mga mag-aaral sa kanilang kultura.

Pagpapalakas ng Kasanayan ng mga Guro sa Edukasyong Pangkatutubo

Isa pang mahalagang estratehiya ay ang patuloy na pagpapalakas ng kasanayan ng mga guro sa edukasyong pangkatutubo. Inamin ng mga guro na marami pa silang kailangang matutunan tungkol sa kultura at wika ng mga mag-aaral na Sama kaya't aktibo silang lumalahok sa mga pagsasanay na inaalok ng DepEd sa dibisyon o rehiyonal na antas, lalo na ang may kaugnayan sa Indigenous Peoples Education (IPEd). Sa kakulangan ng pormal na pagsasanay, nagsasaliksik ang mga guro sa mga artikulo at pananaliksik tungkol sa kultura ng Sama at kumukuha rin sila ng

impormasyon mula sa mga magulang at matatanda sa komunidad upang maunawaan ang tamang konteksto ng pamumuhay ng mga mag-aaral.

Bilang bahagi ng pagpapalawak ng kanilang kaalaman, isinasama ng mga guro ang kanilang sarili sa mga aktibidad ng komunidad, lalo na ang mga may kinalaman sa kultura at tradisyon ng Sama. Ang kanilang pakikilahok sa mga pagdiriwang at proyekto ay hindi lamang nagpapalalim ng kanilang pang-unawa kundi nagpapakita rin ng pagpapahalaga sa kultura ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, ang personal na partisipasyon at pakikiisa sa komunidad ay nagsisilbing pundasyon ng kanilang propesyonal na pag-unlad bilang mga guro sa edukasyong pangkatutubo.

Kontekstuwalisadong Pagtuturo

Ang huling tema na lumitaw ay ang kontekstuwalisadong pagtuturo, na nagsisiguro ng mas makahulugan at epektibong pagkatuto sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga aralin sa pang-araw-araw na buhay at karanasan ng mga mag-aaral. Sa pagtuturo sa mga mag-aaral na Sama, tiniyak ng mga guro na ang mga salitang ginagamit sa pagtuturo ay pamilyar sa mga estudyante, tulad ng "bangka," "lambat," at "pamilihan." Kung ang aralin ay abstract o metaporikal, ginagawa itong mas konkreto sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang komunidad.

Ginagamit din ng mga guro ang mga lokal na kuwento mula sa mga nakatatanda, kasaysayan ng pamayanan, at mga kilalang lokal na personalidad upang maging mas malapit at personal ang pag-aaral. Ang mga halimbawa mula sa kultura ng Sama ay nagsisilbing tulay upang mas maintindihan at mapahalagahan ng mga mag-aaral ang mga konsepto sa iba't ibang asignatura, tulad ng Matematika at Agham.

Sa kabuuan, ang kontekstuwalisadong pagtuturo ay hindi lamang nagpapabilis ng pagkatuto kundi nagsisilbi ring paraan upang mapanatili at mapalaganap ang kultura at identidad ng mga mag-aaral. Ginagampanan ng mga guro ang mahalagang papel bilang tagapagtanggol at tagapagtaguyod ng kultura sa kanilang pagtuturo.

Mga Damdamin at Pananaw ng mga Guro Tungkol sa kanilang Papel sa Pagtuturo ng Batayang Literasi sa mga Mag-aaral na Sama

Ang papel ng mga guro sa pagtuturo ng batayang literasi ay isang mahalagang aspeto sa paghubog ng mga mag-aaral. Sa pagsusuri ng damdamin at pananaw ng mga guro hinggil sa kanilang mga tungkulin at hamon sa pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama, lumitaw ang mga sumusunod na tema: katuparan at kagalakan sa mga tungkuling pagtuturo; pagpapalalim ng ugnayan sa kulturang Sama; at malalim na inspirasyon sa pagtuturo.

Katuparan at Kagalakan sa mga Tungkuling Pagtuturo

Mula sa mga pagbabahagi ng mga gurong kalahok, lumitaw ang tema ng katuparan at kagalakan sa kanilang mga tungkulin bilang guro. Ilan sa mga pahayag ng mga kalahok ay ang sumusunod: *"Masayang masaya. Hindi kailanman matutumbasan kahit pa may sahod ako, mas naging may purpose ang aking pagturo lalo na't kaharap ko ang mga kadugo kong nagmamahal sa aming heritage."* (K1)

"Lubos na masaya ako sapagkat itong mga batang ito ang maging pag-asa ng bayan, lalo na sa pangkat etniko ng bawat lugar." (K2)

"Ako ay nagpapasalamat dahil isa sa mga pangarap ko ay makapagturo sa mga mag-aaral na Sama. Bilang isang guro, ginagampanan ko ang aking tungkulin para sa kapakanan at kinabukasan ng mga mag-aaral na Sama." (K3)

Makikita sa mga pahayag na ito ang malalim na pagmamahal at pagpapahalaga ng mga guro sa kanilang papel sa edukasyon. Tinitingnan nila ang pagtuturo bilang isang misyon at isang makabuluhang gawain na nagdudulot ng kagalakan sa kanila, lalo na sa pagtupad ng tungkulin para sa ikabubuti ng mga kabataan.

Pagpapalalim ng Ugnayan sa Kulturang Sama

Ang pagpapalalim ng ugnayan sa kulturang Sama ay mahalaga upang mapanatili at mapalaganap ang mga tradisyon, pagpapahalaga, at identidad ng komunidad. Sa pagsusuri ng mga sagot ng mga kalahok, nabuo ang tema ng pagpapalalim ng ugnayan sa kulturang Sama, na may mga pahayag tulad ng:

"Hindi po madali ngunit nakatataas po ng moral at magkakaroon ka ng ngiting tagumpay kapag natutulungan ang mga mag-aaral na Sama. Higit sa lahat, mararamdaman mo talaga na ikaw ay isang guro na may malaking katungkulan sa paghubog ng kaalaman sa bawat bata." (K4)

"Masaya at proud ako sa tungkulin kong turuan ang mga batang Sama. Nakakatuwang makita silang natututo habang naipapakita ko ang respeto sa kanilang kultura. Pakiramdam ko, may saysay ang bawat araw sa klase." (K5)

"Ang pagtuturo ng literasi sa mga mag-aaral na Sama ay isang malaking hamon lalo na sa mga guro sa elementarya. Subalit isang napakagandang damdamin ang makakita ng mga mag-aaral na marunong bumasa sa murang edad, dahil sa pagpursige ng kanilang mga guro." (K6)

Bagamat may mga hamon sa pagtuturo, ang mga guro ay nakararanas ng kasiyahan, pagmamataas, at kagalakan sa bawat tagumpay ng kanilang mga mag-aaral. Ang paggalang sa kultura ng mga mag-aaral ay nakatutulong upang maging makabuluhan at epektibo ang bawat araw sa silid-aralan.

Malalim na Inspirasyon sa Pagtuturo

Ang pagtuturo ay higit pa sa isang propesyon; ito ay isang bokasyon na nagmumula sa malalim na inspirasyon. Ipinahayag ng mga kalahok ang kanilang damdamin tulad ng:

"Bilang guro, nararamdaman kong mahalaga at makabuluhan ang aking tungkulin sa pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama. Bagama't may mga hamon tulad ng pagkakaiba sa wika at kultura, itinuturing ko itong pagkakataon upang makatulong sa paghubog ng kanilang kinabukasan at maiangat ang antas ng kanilang pagkatuto. Nagsisilbi rin itong inspirasyon upang maging mas mapanuri, malikhain, at maunawain sa pagtuturo." (K7)

"Masaya ako tuwing nakikita ko ang progreso ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat. Ito ay nagiging inspirasyon ko para ipagpatuloy ang pagtuturo sa mga mag-aaral na Sama. Pagbibigay malasakit sa bawat mag-aaral upang matugunan ang kanilang pangangailangan sa pagkatuto." (K8)

Makikita dito ang matibay na dedikasyon ng mga guro sa kanilang gawain sa kabila ng mga hamon. Ang mga karanasan nila ay nagsisilbing inspirasyon upang mas maging malikhaing at sensitibo sa pangangailangan ng bawat mag-aaral.

Pangunahing Resulta ng Pananaliksik

Matapos masusing suriin at pagnilayan ang mga tugon ng mga gurong-kalahok, lumitaw ang ilang makabuluhang tema na may malalim na implikasyon sa pedagogiya at ugnayang panlipunan sa konteksto ng pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama. Sa pagtingin ng mananaliksik na isa ring guro, malinaw na ang ganitong uri ng pagtuturo ay hindi lamang isang akademikong gawain, kundi isang gawaing nakaugat sa kultura, lipunan, at makataong ugnayan.

Una, batay sa mga salaysay ng mga kalahok, kapansin-pansing namayani ang emosyonal at propesyonal na koneksyon ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral. Sa kabila ng mga hamon gaya ng kakulangan sa kagamitang pampagtuturo, limitadong pagsasanay, at mga balakid sa wika at kultura, nakita ng mga guro ang kagalakan at katuparan sa bawat hakbang ng pag-unlad ng kanilang mga estudyante. Ipinapakita nito ang paglalapat ng teoryang Culturally Relevant Pedagogy ni Ladson-Billings (1995), na nagsasaad na ang mabisang pagtuturo ay nakaugat sa pagkilala at pagpapatibay sa kultural na identidad ng mga mag-aaral, bukod pa sa layunin nitong makamit ang akademikong tagumpay.

Higit pa rito, lumalawak ang ugnayang guro at mag-aaral patungo sa mas malalim na pag-unawa sa kultura ng mga Sama. Alinsunod sa Sociocultural Theory ni Vygotsky, ang pagkatuto ay isang prosesong panlipunan na naiimpluwensyahan ng kulturang pinagmumulan ng mag-aaral. Sa ganitong pananaw, ang guro ay nagsisilbing tagapamagitan sa pagitan ng bagong kaalaman at sariling karanasan ng mag-aaral, na tinutulungan sila sa pamamagitan ng scaffolding. Ang pag-

unawang ito ay nagbubukas ng mas inklusibong espasyo para sa pagkatuto, kung saan ang wika at kultura ng mag-aaral ay kinikilala at pinahahalagahan.

Kasunod nito, umaayon ang mga natuklasan sa pananaw ni Cummins (2001) tungkol sa additive bilingualism, na nagsasabing ang paggamit ng unang wika bilang tulay patungo sa ikalawang wika ay may positibong epekto sa akademikong tagumpay at kumpiyansa ng mag-aaral. Sa mga naratibo ng mga kalahok, inilahad nila ang pagsasalin ng mga aralin sa wikang Sama upang higit itong maunawaan ng mga bata, na nagpapatunay sa kahalagahan ng unang wika sa prosesong pedagogikal. Sinusuportahan din ito ng mga pag-aaral nina Bernardo (2004) at Tupas (2015), na kapwa nagbigay-diin sa kahalagahan ng lingguwistikong pagkakapantay-pantay sa edukasyon at sa papel ng language attitudes sa partisipasyon ng mga mag-aaral mula sa mga komunidad na may minorityong wika.

Samantala, sa pedagogikal na pananaw, malinaw ang pangangailangan sa pagiging kulturang-sensitibo ng mga guro, isang kakayahang hindi dapat ituring na opsyonal kundi mahalagang bahagi ng pagiging epektibong guro sa multilingguwal at multikultural na konteksto. Ang mga pagsasanay sa paggamit ng mga lokal at kontekstuwalisadong estratehiya, gaya ng mother tongue-based instruction at differentiated instruction, ay nararapat lamang palalimin upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakikita ng pananaliksik na ang matagumpay na pagtuturo ng batayang literasi sa mga mag-aaral na Sama ay nakasalalay sa malalim na pag-unawa sa kanilang wika, kultura, at antas ng literasi. Sa pamamagitan ng ganitong ugnayan, ang edukasyon ay hindi lamang nagiging paraan ng pagpapasa ng kaalaman, kundi isang makabuluhang instrumento ng kultural na pagkilala, paghubog ng identidad, at pagtaguyod ng dignidad ng mag-aaral.

MGA SANGGUNIAN

- [1] Abad, E. (2020). Culturally responsive teaching in the Philippines: Perspectives and challenges. *Asia Pacific Education Review*, 21(2), 157–170.
- [2] Ball, J., & McIver, S. (2019). Teaching literacy to Indigenous students: Culturally responsive pedagogy and practices. *Journal of Indigenous Education*, 38(2), 45–62. <https://doi.org/>
- [3] Bastida, R. M., Saysi, M. C., & Batuctoc, L. A. (2022). Capacity building for teachers in Indigenous peoples' education. *Journal of Teacher Training and Development*, 11(1), 44–59.
- [4] Bastida, V., Saysi, J., & Batuctoc, M. (2022). Challenges in literacy education among Indigenous communities in the Philippines. *Philippine Journal of Education*, 101(1), 89–105. <https://doi.org/xxxxxxx>
- [5] Bernardo, A. B. I. (2004). McKinley's questionable bequest: Over 100 years of English in Philippine education. *World Englishes*, 23(1), 17–31. <https://doi.org/10.1111/j.1467-971X.2004.00331.x>
- [6]
- [7] Butron-Dizon, M. C. (2010). Mother tongue-based education in the Philippines: Learning through local language and culture. *Philippine Education Journal*, 25(3), 55–68.

- [8] Caringal, K. L., & Carada, L. A. (2024). Culturally contextualized games in literacy instruction for IP learners. *The Philippine Journal of Developmental Education*, 13(1), 35–48.
- [9] Codilla, C., Ramos, A. T., & Lugatiman, J. R. (2023). Improving IP education through localized instructional materials and teacher training. *Mindanao Educators Journal*, 14(2), 77–90.
- [10] Cummins, J. (2001). Bilingual children's mother tongue: Why is it important for education? *Sprogforum*, 7(19), 15–20. https://www.literacyinlearningexchange.org/sites/default/files/Bilingual_Childrens_Mother_Tongue.pdf
- [11] DepEd. (2012). K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino (Baitang 1–10). Department of Education.
- [12] DepEd. (2013). Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) Manual of Operations. Department of Education, Bureau of Learning Delivery.
- [13] Dulce, G. V. (2021). Traditional vs. modern pedagogies: A comparative study in literacy education. *Philippine Normal University Research Journal*, 38(2), 60–75.
- [14] Estacio, J., & Dela Cruz, R. (2021). The role of Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) in preserving Indigenous culture and literacy skills. *Asian Journal of Multilingual Education*, 5(3), 120–135. <https://doi.org/xxxxxxx>
- [15] Gay, G. (2016). *Culturally responsive teaching: Theory, research, and practice* (2nd ed.). Teachers College Press.
- [16] Gonzales, A. (1998). The language planning situation in the Philippines. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 19(5), 487–525. <https://doi.org/10.1080/01434639808666372>
- [17] Ismun, T., Tulawie, A. H., & Asiri, J. M. (2023). Challenges in teaching Filipino in conflict-affected areas in Sulu. *Mindanao Journal of Educational Research*, 15(2), 45–60.
- [18] Keskin, Y. (2018). The need for intercultural competence in teacher education. *Journal of Education and Learning*, 7(2), 190–198. <https://doi.org/10.5539/jel.v7n2p190>
- [19] Ladson-Billings, G. (1995). Toward a theory of culturally relevant pedagogy. *American Educational Research Journal*, 32(3), 465–491. <https://doi.org/10.3102/00028312032003465>
- [20] Maristy, M. L. (2019). Motivating Indigenous learners through culturally responsive literacy. *Philippine Journal of Indigenous Studies*, 7(2), 89–102.
- [21] Müller-Hartmann, A., & Schocker, M. (2018). *Intercultural learning in the EFL classroom*. Klett Sprachen.
- [22] Noval, K. (2024). Upskilling teachers for inclusive literacy education. *Journal of Educational Innovation*, 18(1), 55–69.
- [23] Obligar, D. J., & Caraballe, F. (2022). Language proficiency and reading difficulties of Indigenous learners in IPED schools. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 10(1), 100–110.
- [24] Sari, M., & Yuci, R. (2020). Multicultural education in teacher training programs: A systematic review. *Journal of Multicultural Learning*, 8(3), 201–214.
- [25] Tac-on, J. P., & Musico, A. M. (2024). Teaching strategies for Indigenous learners: Addressing language gaps in IP communities. *Journal of Indigenous Education Studies*, 5(1), 66–78.
- [26] Tortola, A. (2024). *Culturally sensitive literacy instruction for Indigenous learners: Challenges and opportunities*. University of the Philippines Press.

- [27] Tortola, M. J. (2024). Culture-based literacy programs for kindergarten learners in Indigenous communities. *Philippine Early Childhood Journal*, 9(1), 33–46.
- [28] Tubaga, L. C. (2022). Teaching literacy in the time of pandemic: A struggle in the absence of learning materials. *Philippine Normal University Journal of Education*, 34(1), 87–99.
- [29] Tupas, R. (2015). Inequalities of multilingualism: Challenges to mother tongue-based multilingual education. *Language and Education*, 29(2), 112–124.
<https://doi.org/10.1080/09500782.2014.977295>
- [30] UNESCO. (2003). Education in a multilingual world. UNESCO Education Position Paper.
<https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000129728>
- [31] UNESCO. (2017). Education for Indigenous peoples: Cultural sensitivity and inclusive education systems. UNESCO Publishing.
<https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000248016>
- [32] Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.